Pagdating sa website, i-click ang 'Search by Case Number' na link, at pagkatapos ay ilagay ang RG1579671 bilang case number at i-click ang 'SEARCH.' Ang mga larawan ng bawat dokumento na isinumite sa kaso ay maaaring makita sa pamamagitan ng 'Register of Actions' na mayroong mababang singil. Maaari mo ring tingnan nang libre ang mga larawan ng bawat dokumento na isinumite sa kaso sa pamamagitan ng paggamit ng isa sa mga computer terminal kiosk na magagamit sa bawat lokasyon ng hukuman na may pasilidad para sa pagsampa ng mga sibil na kaso.

Ang mga kopya ng mga isinumite at dokumento na kaugnay sa kasunduan ay maaari ring i-download at suriin sa website ng Class Counsel <http://www.hoyerlaw.com/mission-hope-settlement-information.php>.

Natanggap mo ang Paunawang ito dahil kabilang ka sa Class. Kabilang ka sa Class dahil nagtrabaho ka para sa Mission-Hope sa isa sa mga pasilidad nito sa Antioch, Brentwood, Dublin, Fremont, at/o Hayward, CA bilang isang Tagapagturo ng Programa/Drayber noon o pagkatapos ng Disyembre 22, 2011 hanggang Oktubre 26, 2018 (ang "Class Period").¹ Inilalarawan ng Paunawang ito ang iyong mga karapatan at potensyal na benepisyo mula sa isang kasunduan ng class at collective action. Mayroon kang karapatang mag-opt out sa kasunduan, tulad ng nakalarawan sa ibaba.

Binigyan ng awtorisasyon ng Hukuman ang Paunawang ito dahil may karapatan kang malaman ang tungkol sa ipinanukalang Kasunduan at ang iyong mga mapagpipilian bago magpasiya ang Hukuman kung pahihintulutan ba nito ang ipinanukalang Kasunduan. Dahil maaapektuhan ng Kasunduan ito ang iyong mga karapatan, napakahalagang basahin mo ang Paunawang ito.

BUOD NG IYONG MGA LEGAL NA KARAPATAN AT MGA MAPAGPIPILIAN SA KASUNDUANG ITO:

<p>WALANG GAWIN / TUMANGGAP NG DALAWANG TSEKE</p>	<p>Kung hindi mo ibubukod ang iyong sarili, tulad ng nakalarawan sa ibaba, makakatanggap ka ng dalawang tseke ng kasunduan, na may isang taon na pagitan. Mayroon kang isang daan at walumpung (180) araw mula sa petsa sa iyong indibidwal na tseke ng kasunduan upang i-encash ang bawat tseke. Kung makatanggap ka ng tseke ng kasunduan, <u>bibitawan mo ang lahat ng paghahabol na iginiit sa kaso</u> sa petsa ng pagbigay ng Hukuman ng paunang pahintulot ng Kasunduan. <u>Kung hindi mo i-encash ang iyong unang tseke ng kasunduan, ang halaga nito ay muling ipapamahagi sa ibang mga Settlement Class Member (Miyembro ng Class ng Kasunduan) na nag-encash ng kanilang unang tseke, at hindi ka na makakatanggap ng pangalawang tseke ng kasunduan.</u> Kung makatanggap ka at hindi mag-encash ng pangalawang tseke ng kasunduan sa loob ng 180 araw, ang iyong bahagi ng kasunduan na nakapaloob sa pangalawang tseke ng kasunduan ay ibabahagi sa Legal Aid at Work (http://www.legalaidatwork.org).</p>
<p>TUMUTOL SA KASUNDUAN</p>	<p>Maaari kang tumutol sa ipinanukalang Kasunduan sa pamamagitan ng pagsulat sa "Settlement Administrator" (Administrador ng Kasunduan) sa address na nakasulat sa ibaba, na nagpapaliwanag kung bakit ka hindi sumasang-ayon sa ipinanukalang Kasunduan. Kung tumutol ka, maaari ka ring humiling na magsalita sa Hukuman tungkol sa pagiging patas ng kasunduan sa Pagdinig sa Kasunduan (Settlement Hearing). Kung nais mong dumalo at magsalita sa Pagdinig sa Kasunduan, kailangan mong magpadala ng Abiso ng Layunin na Humarap (Notice of Intention to Appear) sa Settlement Administrator sa address na nakasulat sa ibaba. Maaari ka lamang tumutol at magpakita sa Hukuman upang magsalita tungkol sa pagiging patas ng kasunduan kung nagpadala ka ng nakasulat ng pagtutol sa kasunduan sa tamang oras. Kung ipawalang-bisa ang iyong pagtutol sa pagdinig, kailangan mo pa ring sumunod sa Kasunduan at makakatanggap ka ng kabayaran mula sa Pondo ng Kasunduan (Settlement Fund).</p>
<p>MAG OPT-OUT SA KASUNDUAN</p>	<p>Sa kabilang dako, maaari mo ring ibukod ang iyong sarili mula sa Kasunduan sa pamamagitan ng paghiling ng pagbubukod mula sa kasunduan. Kung ibinukod mo ang iyong sarili mula sa kasunduan, wala kang matatanggap na kabayaran, ngunit mananatili ang anumang karapatan na maaaring mayroon ka, kung mayroon man, upang maghahabol sa pamamagitan ng hiwalay na kaso. Ang opsiyon na ito ay maaaring magbigay-daan upang ikaw ay makapagsampa ng iyong sariling kaso o paghahabol, o na maging bahagi ng iba pang kaso laban sa Mga Nasasakdal para sa pareho o katulad na paghahabol na isinama sa kasong ito sa panahon ng Class Period, kabilang na ang mga paghahabol para sa mga hindi binayarang sahod at mga hindi ibinigay na oras para kumain at magpahinga. Upang ibukod ang iyong sarili nang walang kondisyon mula sa Kasunduan, kailangan mong magpadala ng sulat sa "Settlement Administrator" sa address na nakasulat sa ibaba na nagsasaad na nais mong mag-opt out sa class at collective action at sa kasunduan ng kaso. Ang prosesong ito ay higit pang ipaliliwanag sa ibaba.</p> <p><i>Kapag ibinukod mo ang iyong sarili mula sa kasunduan, mawawalan ka ng karapatan na makatanggap ng anumang kabayaran mula sa pondo ng kasunduan.</i></p>

¹ Para sa mga Miyembro ng Class na nagsampa ng reklamo sa Labor Commissioner laban sa Mission-Hope bago ang pagsasampa ng kasong ito, ang kanilang mga linggo ng trabaho ay kinalkula mula Marso 21, 2011 batay sa petsa kung kailan nila isinama ang kanilang reklamo.

Tungkol saan ang kasong ito? Tatlong kasalukuyan at dating Tagapagturo ng Programa/Drayber ang nagsampa ng kasong ito, na nagpapatang na ang Mga Nasasakdal ay hindi nagbigay sa mga Tagapagturo ng Programa/Drayber ng oras para kumain o magpahinga, at bilang resulta nito ay hindi sila nabayaran ng lahat ng sahod na naaangkop, kabilang na ang minimum na pasahod, overtime na sahod, at nararapat na kabayaran para sa oras ng pahinga, at hindi nagbigay ng tumpak na pahayag ng sahod, at hindi nagbigay ng huling suweldo sa wastong oras. Ipinapatang din ng mga nagsasakdal na may karapatan ang Class sa mga parusa (penalty) sa ilalim ng Private Attorneys General Act of 2004, mga seksiyon 2698 ng Labor Code, et seq. (“PAGA”) para sa mga paglabag na ito. Walang pagod na tinutulan ng Mga Nasasakdal ang mga paratang, ngunit sumang-ayon din sila na pagkasunduan ang kaso.

Ano ang mga tuntunin ng Kasunduan? Upang pagkasunduan ang kaso, sumang-ayon ang Mga Nasasakdal na magbayad ng Kabuuang Halaga ng Kasunduan (Gross Settlement Amount) na pitong daan at animnapu’t pitong libo at limang daang dolyar (\$767,500) na hahatiin para sa 494 na Miyembro ng Class (kabilang ka) na hindi nag-opt out sa kasunduan (“Settlement Class Members”). Ang \$767,500 pagkatapos ng pagbawas para sa (1) singil at gastos ng Class Counsel, (2) kabayaran kay Alejandro Casas, Eliezer Goda, at Mary Martinez para sa pagiging kinatawan ng class, (3) lahat ng gastos sa pangangasiwa ng kasunduan nang hindi lalagpas sa \$25,000, (4) kabayaran na \$7,500 sa California Labor and Workforce Development Agency (“LWDA”), at (5) lahat ng ibang gastos na nauugnay sa Kasunduan (“Net Settlement Fund”) ay hahatiin sa pagitan ng mga Settlement Class Member, batay sa dami ng linggong nagtrabaho ang bawat Settlement Class Member, na nakatala sa mga rekord ng tauhan na pinapanatili ng Mission-Hope. Ang paraan ng pagkalkula ay mas detalyadong ipinaliliwanag sa ibaba.

Mga Kabayaran. Ang mga Miyembro ng Class na hindi nag-opt out sa kasunduan (sa ibang salita, ang mga Settlement Class Member) ay makakatanggap ng kabayaran na kakalkulahin batay sa dami ng linggo na nagtrabaho ang Settlement Class Member para sa Mission-Hope bilang Tagapagturo ng Programa/Drayber sa panahon ng Class Period. Ang dami ng linggo ng trabaho ay kakalkulahin sa pamamagitan ng mga rekord ng tauhan na pinapanatili ng Mission-Hope. Ang bahagi ng kasunduan na matatanggap ng bawat Settlement Class Member ay dadami o mababawasan batay sa dami ng linggo na nagtrabaho ang Settlement Class Member na iyon kapag ikinumpara sa ibang Settlement Class Member. Batay sa mga kalkulasyon na ito, ang halaga na tinatayang matatanggap mo, kung hindi mo ibubukod ang iyong sarili mula sa Kasunduan, ay nakapahayag sa kahon na minarkahan bilang “Estimated Settlement Payment” (Tinatayang Pagbayad ng Kasunduan). Tandaan, ang Estimated Settlement Payment ay paunang kalkulasyon. Kung matagumpay na hinamon ng isa o higit pang Settlement Class Member ang mga rekord ng Mga Nasasakdal, ang Estimated Settlement Payment para sa ibang Settlement Class Member, kabilang ka, ay mababago alinsunod dito. Upang tanggapin ang kabayaran ito mula sa ipinanukalang Kasunduan, wala kang iba pang kailangan gawin maliban sa pag-encash ng tseke na ipapadala pagkatapos ibigay ng Hukuman ang pahintulot sa kasunduan sa wakas.

Maraming miyembro ng Settlement Class ang nakatanggap na ng ilang kabayaran mula sa Mission-Hope bukod pa sa Kasunduan na ito, kapalit ng pagbitaw sa mga paghahabol. Iginigiit ng mga nagsasakdal na ang mga pagbitaw na iyon ay nakuha sa hindi wastong paraan at walang bisa, at na may karapatan din ang mga indibidwal na iyon na makatanggap ng bahagi ng kasunduan. Sumang-ayon ang mga partido na ang halaga na natanggap na ng mga miyembro ng class na ito mula sa Mission-Hope ay ibabawas mula sa kabayaran na matatanggap nila mula sa Kasunduan ito, kung mayroon man.

Paano ko hahamunin ang dami ng linggo na nagtrabaho ako sa panahon ng Class Period? Maaari mong hamunin ang dami ng linggo na nagtrabaho na kinikilala sa Paunawa sa Class na ito sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na liham (tinatakan ng koreo nang hindi lalagpas sa Enero 15, 2019) sa Settlement Administrator na nagsasabi na nais mong hamunin ang dami ng araw ng nagtrabaho ka sa iyong Paunawa sa Class at pagbibigay ng batayan at dokumentasyon na sumusuporta sa iyong hamon. Nasa iyo ang tungkuling magpatunay at kailangan mong magsumite ng sapat na dokumentaryong katibayan upang patunayan ang dami ng linggo na sinasabi mong ikaw ay nagtrabaho bilang Tagapagturo ng Programa at/o Drayber sa Class Period. Ang ibig sabihin nito ay tatanggihan ang iyong hamon kapag hindi ka nakapagbigay ng nakasulat na dokumentasyon na sumusuporta sa halaga na iba sa iyong Estimated Settlement Payment. May karapatan ang Mga Nasasakdal na tumugon sa iyong hamon. Lulutasin ng Settlement Administrator ang hamon at gagawa ng huli at umiiral na pagpapasiya nang walang pagdinig o karapatan na mag-apela. Ang mga rekord ng tauhan, kabilang ang mga talaan ng payroll, ng Mga Nasasakdal ay ipagpapalagay bilang pinakamainam na katibayan ng dami ng araw na nagtrabaho.

Magkano ang aking kabayaran sa kasunduan? Sa ilalim ng formula sa paglalaan ng kasunduan (settlement allocation formula), ikaw ay nagtrabaho ng <<WorkWeeks>> linggo at inaasahang makakatanggap ka ng humigit-kumulang ng sumusunod na halaga (bago ang pagbawas sa tax):

Ayon sa mga rekord ng Mga Nasasakdal, ikaw ay lumagda dati ng kasunduan na bumibitaw sa mga paghahabol na nasasangkot sa kasong ito at nakatanggap ka na ng kabayaran ng kakakahahalagang \$<<EstimatedAward>>. Ang halaga na natanggap mo dati ay ibinawas na mula sa halaga na matatanggap mo sa ilalim ng kasunduan ito. Ang halaga na natanggap mo dati ay mas malaki sa halaga na matatanggap mo sa ilalim ng kasunduan ito, at ibinababa nito ang halaga na matatanggap mo sa \$0.00.

Inaasahang Kabayaran sa Kasunduan (hinati sa dalawang kabayaran na ibibigay nang may isang taon ang pagitan): \$<<SplitAward>>

Ang halaga sa itaas ay babawasan para sa anumang hiniling o kinakailangan na pagbabawas, kabilang ang mga buwis ng estado o pederal na buwis, mga iniutos na pagbawas sa kita, mga garnishment, o levy. Tatlumpu't tatlong porsiyento (33%) ng kabayaran sa itaas ay ituturing bilang suweldo, na kailangan ng pagbabayad ng buwis, at kailangan iulat sa W-2. Tatlumpu't tatlong porsiyento (33%) ng kabayaran sa itaas ay ituturing bilang interes at tatlumpu't apat na porsiyento (34%) ay ituturing bilang hindi suweldo na bayad-pinsala, kabilang ang mga parusa. Ang mga pagbawas dahil sa buwis sa payroll ay hindi ibabawas mula sa hindi suweldo na bahagi ng anumang kabayaran, na iulat sa isang Form 1099 kung iniaatas ito ng batas. Hindi gumagawa ng anumang representasyon ang Class Counsel o ang Mga Nasasakdal tungkol sa mga epekto sa buwis ng kasunduang ito o sa pakikilahok dito, at inaabisuhan ka na maghanap ng personal na pagpapayo ukol sa buwis bago kumilos bilang tugon sa Paunawa na ito.

Sino ang kabilang sa Kasunduang ito? Kabilang ka sa Kasunduang ito dahil nagtrabaho ka nang hindi bababa sa isang araw bilang Tagapagturo ng Programa/Drayber para sa isa o higit pa sa Mga Nasasakdal sa panahon ng Class Period.

PAANO KA MAKAKATANGGAP NG KABAYARAN

Paano ko makukuha ang aking mga kabayaran? Upang tanggapin ang iyong mga kabayaran sa ilalim ng kasunduang ito, wala ka ng iba pang kailangan gawin maliban sa pag-encash ng tseke na kaagad ipapadala pagkatapos ibigay ng Hukuman ang pahintulot sa kasunduan sa wakas. Kung nais mong ibukod ang iyong sarili, sundin ang prosesong nakasaad sa ibaba.

PAGBUKOD NG SARILI MULA SA KASUNDUAN

Paano ko ibubukod ang sarili ko? Kung hindi mo nais na mapabilang sa Kasunduan, kailangan mong ibukod ang iyong sarili mula sa Kasunduang ito. Para ibukod ang iyong sarili mula sa Kasunduan, kailangan mong magpadala ng sulat sa pamamagitan ng koreo na nagsasabi na nais mong mag-opt out sa class at collective action at sa kasunduan ng kaso. Kailangan mong lagdaan ang sulat at isama ang iyong buong pangalan, address, at huling apat na numero ng iyong Social Security. Kailangan petsahan at lagdaan ang sulat, at dapat may tatak ito ng koreo nang hindi lalapas sa Enero 15, 2019, at ipinadala sa at natanggap sa sumusunod na address:

Casas v Mission Hope Settlement Administrator
c/o Rust Consulting, Inc. – 6350
PO Box 54
Minneapolis, MN 55440-0054
TFN: (877) 740-6992

Kung wasto ang iyong paghiling na mag-opt out mula sa kasunduan, wala kang legal na obligasyon sa anumang mangyayari sa kasong ito. Mawawalan ka rin ng karapatan na makatanggap ng anumang kabayaran sa kasunduan, at hindi ka papahintulutan na tumutol sa kasunduan.

Kung hindi ka mag-opt out mula sa kasunduan, ipapadala sa iyo ang iyong indibidwal na kabayaran sa kasunduan sa pamamagitan ng dalawang tseke ng kasunduan nang may isang taon sa pagitan. Magkakaroon ka ng isang daan at walumpung (180) araw mula sa petsa sa iyong indibidwal na tseke ng kasunduan upang i-encash ang unang tseke. **Kung hindi mo i-encash ang iyong unang tseke ng kasunduan, ipapamahagi ito sa ibang Settlement Class Member na nag-encash ng kanilang unang tseke sa loob ng 180 na araw, at hindi ka na makatanggap ng pangalawang tseke ng kasunduan.** Kapag iyong in-encash ang unang tseke at hindi mo in-encash ang pangalawang tseke sa loob ng 180 na araw, ang iyong kabayaran sa kasunduan ay ipapadala sa Legal Aid at Work. Kapag hindi ka nag-opt out mula sa kasunduan, **bibitawan mo ang lahat ng paghahabol na iginiit sa kaso** hanggang Oktubre 26, 2018, i-encash mo man ang tseke o hindi. Kapag mayroong pagtatalo sa hinaharap tungkol sa kung natanggap mo ba talaga o hindi ang tseke, tungkulin ng Mga Nasasakdal na patunayan na natanggap mo talaga ito. Ang Mga Nasasakdal ay maaari rin ipagpalagay, ngunit maaari mong hamunin ang pagpapalagay na ito, na natanggap mo ang tseke kung napatunayan ng Mga Nasasakdal na naipadala ito sa isang tamang address na ibinigay mo.

ANG MGA ABOGADO NA KUMAKATAWAN SA IYO

May abogado ba ako sa kasong ito? Napagpasiyahan ng Hukuman na ang mga abogado sa law firm ng HOYER & HICKS ay kalipikado upang kumatawan sa iyo at sa iba pang mga Settlement Class Member. Tinatawag na “Class Counsel” ang mga abogado na ito. Ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa Clas Counsel ay:

Richard A. Hoyer (SBN 151931)
rhoyer@hoyerlaw.com
Ryan L. Hicks (SBN 260284)
rhicks@hoyerlaw.com
HOYER & HICKS
4 Embarcadero Center, Suite 1400
San Francisco, CA 94111
Tel.: (415) 766-3539
Fax: (415) 276-1738

Paano babayaran ang mga abogado? Isinampa ng Class Counsel ang kaso sa ilalim ng isang kasunduan kung saan nakabatay sa halaga na matatanggap ng mga kliyente ang ibabayad sa kanila (contingent fee basis) at hindi pa sila nakakatanggap ng anumang kabayaran o pagbabalik ng pera para sa mga gastos na binayaran nila kaugnay sa pagbawi ng pera para sa mga Settlement Class Member. Bilang bahagi ng kasunduan, ngunit nakasalalay sa pag-apruba ng Hukuman, hihilingin ng Class Counsel sa Hukuman na iutos ang pagbigay ng kanilang kabayaran at mga gastos, batay sa dami ng oras na ginugol sa kaso at iba pang salik. Ang mga kabayaran o gastos na hinihiling ng Class Counsel o na papahintulutan ng Hukuman ay manggagaling sa Kabuuang Halaga ng Kasunduan. Sa ibang salita, ang \$767,500 na Kabuuang Halaga ng Kasunduan ay mababawasan depende sa halaga ng kabayaran ng abogado at mga gastos na papahintulutan ng Hukuman. Ang mga kabayaran na papahintulutan ng Hukuman ay kabayaran sa Class Counsel para sa pagsiyasat ng batas at katotohanan, pag-uusig ng kaso, at pag-aareglo ng kasunduan. Hihilingin ng Class Counsel ang sangkatlo (one-third) ng Kabuuang Halaga ng Kasunduan bilang kabayaran ng abogado (\$255,833.33), dagdag pa ang pagbabalik ng pera na ginastos nila sa pag-uusig ng kaso.

Hihilingin din ng Class Counsel na aprubahan ng Hukuman ang “kabayaran sa serbisyo (service payments)” kay Gng. Casas, Gng. Goda, at Bb. Martinez, nang hindi lalagpas sa \$7,500 para sa bawat tao, para sa kanilang aktibong pakikilahok sa kaso bago ang kasunduan at bilang pagkilala sa mga panganib na sinuong nila at serbisyo sa Class. Manggagaling din ito mula sa Kabuuang Halaga ng Kasunduan. Ang ibang mga gastos na kaugnay sa Kasunduan, kabilang ang ngunit hindi limitado sa hindi lalagpas sa \$25,000 na halaga para sa pangangasiwa ng kasunduan, ay manggagaling din sa Kabuuang Halaga ng Kasunduan. Ang isang kabayaran na nagkakahalaga ng \$7,500 ay manggagaling din mula sa Kabuuang Halaga ng Kasunduan para sa California Labor Workforce and Development Agency para sa mga parusa na maaaring habulin ng Estado mula sa Mga Nasasakdal para sa mga Paghahabol na ipinaratang sa kaso.

Isusumite sa Hukuman ang mosyon ng Class Counsel para sa kabayaran ng mga abogado at kabayaran sa serbisyo hanggang Enero 18, 2019, at magiging available para iyong suriin. Maaari kang makakuha ng kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa class counsel (ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay nasa dulo ng Paunawang ito, o nasa kanilang website sa <http://www.hoyerlaw.com/mission-hope-settlement-information.php>) o sa pamamagitan ng pag-access sa website ng Hukuman o pagbisita sa opisina ng Clerk ng Superior Court, County ng Alameda tulad ng nakasaad sa ika-2 pahina sa itaas.

PAGTUTOL SA KASUNDUAN

Paano ako tututol sa Kasunduan? Bilang Settlement Class Member, maaari kang tumutol sa ipinanukalang kasunduan, ngunit kailangan mo itong gawin sa pamamagitan ng sulat. Maaari ka ring dumalo at magsalita sa Pagdinig sa Kasunduan, personal man o sa pamamagitan ng isang abogado na iyong babayaran, basta ipagbigay-alam mo sa Hukuman ang iyong intensyon na gawin ito. Lahat ng nakasulat na pagtutol, sumusuportang papeles at/o mga abiso ng layunin na marinig sa Pagdinig Para sa Panghuling Pahintulot ay kailangang (a) malinaw na tukuyin ang pangalan at numero ng kaso (Casas v. Mission-Hope Day Program LLC, Case Number RG15797671), (b) ipadala sa Settlement Administrator sa address sa ibaba, at (c) nakatatak ng koreo bago ng o sa araw ng Enero 15, 2019. Kailangan mong ibigay ang lahat ng dahilan kung bakit sa palagay mo ay hindi dapat ito pahintulutan ng Hukuman. Isasaalang-alang ng Hukuman ang iyong mga pananaw. Kailangan mong pirmahan ang pagtutol at isama ang iyong buong pangalan, address, huling apat na numero ng Social Security, at (mga) numero sa telepono.

Casas v Mission Hope Settlement Administrator
c/o Rust Consulting, Inc. – 6350
PO Box 54
Minneapolis, MN 55440-0054
TFN: (877) 740-6992

Kung ipawalang-bisa ang iyong pagtutol sa Pagdinig sa Kasunduan, makakatanggap ka pa rin ng tseke ng kasunduan at kailangan mo pa ring sundin ang Kasunduan.

ANG PAGDINIG SA KASUNDUAN NG HUKUMAN

Ano ang Pagdinig sa Kasunduan? Magsasagawa ng Pagdinig sa Kasunduan ang Hukuman upang pagpasiyahan kung papahintulutan nito ang Kasunduan. Hindi mo kinakailangang dumalo sa Pagdinig sa Kasunduan, at makakatanggap ka pa rin ng kabayaran kahit na hindi ka dumalo sa Pagdinig sa Kasunduan. Kung ninanais mo, maaari kang dumalo at humiling na magsalita. Kung nais mo magdala ng anumang bahay sa atensyon ng Hukuman tungkol sa Kasunduan, kailangan mo itong isulat sa iyong sulat ng pagtutol na nakasaad sa itaas, na kailangang ipadala sa “Settlement Administrator” sa address na nakasaad sa itaas nang hindi lalagpas sa Enero 15, 2019.

Kailan at saan pagpasiyahan ng Hukuman kung papahintulutan nito ang kasunduan? Magsasagawa ng Pagdinig sa Kasunduan ang Hukuman sa Pebrero 8, 2019 sa 9:00 ng umaga, sa Superior Court, County ng Alameda, 1221 Oak Street, Department 21, Oakland, California 94612.

Sa Pagdinig na ito, isasaalang-alang ng Hukuman kung patas, makatuwiran at sapat ang Kasunduan. Kung mayroong mga hamon o pagtutol, isasaalang-alang ng Hukuman ang mga ito. Papakinggan ng Hukuman ang sinumang tao na humiling na magsalita sa pagdinig. Maaari ring pagpasiyahan ng Hukuman kung magkano ang ibabayad sa Class Counsel. Pagkatapos ng pagdinig, pagpapasiyahan ng Hukuman kung bibigyan ba nito ng pahintulot ang kasunduan. Hindi namin alam kung gaano katagal aabutin ang pagpapasiya na ito.

Kailangan ko bang dumalo sa pagdinig? Hindi. Sasagutin ng Class Counsel ang anumang tanong na mayroon ang Hukuman. Ngunit, malaya kang dumalo sa pamamagitan ng sarili mong gastos. Gayunpaman, kung magpapadala ka ng pagtutol, maaari kang dumalo sa Hukuman upang pag-usapan ito. Gayunpaman, basta't nagsumite ka ng balido na nakasulat na pagtutol sa loob ng wastong oras sa Settlement Administrator, isasaalang-alang ito ng Hukuman. Maaari mo ring bayaran ang iba pang abogado upang dumalo, ngunit hindi ito kinakailangan.

Maaari ba kong magsalita sa pagdinig? Kung nagsumite ka ng balidong pagtutol sa Kasunduan at Abiso ng Layunin na Humarap sa loob ng wastong oras, maaari kang humiling ng pahintulot mula sa Hukuman na magsalita sa Pagdinig sa Kasunduan. Ang iyong pahayag sa Pagdinig sa Pagkamakatarungan ay limitado sa mga dahilan na kabilang sa iyong nakasulat na pagtutol. Hindi ka maaaring magsalita sa pagdinig kapag ikaw ay nag-opt out sa kasunduan.

PAGKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON

May karagdagang detalye pa ba tungkol sa kasunduan? Ibinubuod ng Paunawang ito ang mga ipinanukalang tuntunin ng Kasunduan. May karagdagang detalye na nakapaloob sa Kontrata ng Kasunduan (Settlement Agreement) ng mga partido. Maaari kang makakuha ng kopya ng Kontrata ng Kasunduan sa pamamagitan ng pagpapadala ng nakasulat na kahilingan sa:

Richard A. Hoyer (SBN 151931)
rhoer@hoerlaw.com
Ryan L. Hicks (SBN 260284)
rhicks@hoerlaw.com
HOYER & HICKS
4 Embarcadero Center, Suite 1400
San Francisco, CA 94111
Tel.: (415) 766-3539
Fax: (415) 276-1738

Nag-post din ang Class Counsel ng mga dokumentong may kaugnayan sa kaso at sa Kasunduan sa kanilang website na maaaring i-download, sa <http://www.hoyerlaw.com/mission-hope-settlement-information.php>.

Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Kasunduan? Kung mayroon kang iba pang katanungan tungkol sa Kasunduan, maaari kang makipag-ugnayan sa Class Counsel sa mga address at/o numero sa telepono na nakasaad sa itaas.

PINETSAHAN: Nobyembre 16, 2018